# Mga Pag-iingat kapag Nagtatasa ng Inyong Ari-arian Pagkatapos ng Sunog

Enero 10, 2025

ENVIRONMENTAL HEALTH

COUNTY OF LOS ANGELES Public Health

Ang mga lugar na naapektuhan ng wildfire o napakalaking sunog ay apektado ng usok, uling, abo, kemikal, tubig, at pinsala sa istruktura. Bago pumasok sa anumang lugar na lubhang napinsala o nawasak ng wildfire, tiyaking nalinis na ng lokal na kagawaran ng bumbero ang lugar at pinahintulutan na ang pagpasok. Sa sandaling maaari ka nang pumasok sa isang nasunog na lugar, mangyaring magsagawa ng mga naaangkop na pag-iingat at magkaroon ng kamalayan sa mga panganib sa inyong kalusugan at kaligtasan. Ang mga karagdagang gabay patungkol sa pagbalik sa tahanan pagkatapos ng isang sunog ay makikita sa: http://www.publichealth.lacounty.gov/eh/safety/returning-home-after-fire.htm.

**IPAGPALAGAY NA LAHAT NG LINYA NG KURYENTE AY GUMAGANA HANGGANG SA MAAYOS NA NG INYONG POWER UTILITY**

- Lumayo sa napinsala o bumagsak na mga linya ng kuryente at mga poste ng ilaw.
- Maaaring pinatay na ng inyong tagapakaloob ng serbisyo ang inyong tustos ng natural na gas, kuryente, at inuming tubig dahil sa sunog na ito.
- Ang inyong gusali at ahensiya ng kaligtasan ay maaaring magpaskil ng isang pabatid sa inyong napinsalang istraktura ng mga direksyon para sa inyong proteksyon. Mangyaring sundin ang naturang nakapaskil na pabatid.

## KINAKAILANGANG PERSONAL NA KAGAMITANG PANGPROTEKSYON BAGO PUMASOK SA LUGAR

**PROTEKSYONG PANGRESPIRATORYO**

- Magsuot ng proteksyong pangrespiratoryo (mga N-95 o P-100 na mask) kapag pumapasok sa nasunog na lugar upang mabawasan ang pagkalantad sa abo. Isaisip na ang abo ay isang napakapino, mapanganib na alikabok na maaaring malanghap papasok sa kailaliman ng mga baga at maaaring maging sanhi ng mga pangunahing problema saan man bumagsak ang mga iyon. Hindi ito basta-basta dumi.
- Ang mga N-95 na mask ay kailangang ganap na nakalapat, nang walang naka-angat sa buong tabi. Kailangang matakipan ng mask ang parehong ilong at bibig upang makatulong sa pag-iwas na malanghap ninyo ang alikabok at abo. Ang isang mask na hindi nakalapat nang maayos ay katulad ng walang suot na mask.
    - **MGA MAHAHALAGANG PAALALA:** Sundin ang mga instruksyon sa label na nasa inyong package para sa wastong paggamit. Ang mga N-95 o P-100 na mask ay maaaring magdulot ng kahirapan sa paghinga, lalong-lalo na para doon sa mga may sakit sa baga o puso.
- Ang matagal na nananatiling usok at abo ng sunog ay maaaring magpalala sa mga isyu sa paghinga o puso ng isang tao. Ang usok ay maaaring maka-irita ng balat, ilong, mga baga, at mga mata, at maging sanhi ng pag-ubo, paghihingasing, at kahirapan sa paghinga. Ang mga sintomas na ito ay maaaring makabuluhan batay sa uri ng uling/abo, laki ng pagkalantad, at mga nakapailalim na kondisyong pang-respiratoryo at pang-puso. **Bigyang pansin ang inyong nararamdaman.**

**MGA PANGPROTEKSYONG DAMIT, GUWANTES, AT BOOTS**

- Sa minimum, magsuot ng mga shirt na may mahahabang manggas, mahahabang pantalon, o mga coverall o damit na balot-na-balot ang katawan, mga guwantes na pang-hardin o yari sa balat.
- Magsuot ng sapatos na pangkaligtasan o matibay at saradong-sarado hanggang sa mga daliri ng paa, sapatos na may mataas na takong at yari sa balat, kung ang mga labi ng sunog (iyon ay, basag na salamin, metal, kahoy, atbp.) ay nasa lugar.

**PROTEKSYON NG MATA, MUKHA AT ULO**

- Magsuot ng mga salaming pangkaligtasan o googles.
- Ang mga pangproteksyong helmet o mga sumbrerong matitigas ay rekomendado para sa mga lugar kung saan may panganib na may mahulog mula sa itaas.

**PROTEKSYON PARA SA PANDINIG**

- Ang mga pangbara sa tainga o mga pangtakip sa tainga ay kailangang gamitin kung ang mga malalaking makinarya o mga matitinding kagamitan o power tools ay ginagamit ng mga tauhang pang-emerhensiya na malapit sa iyo.

**BANTAYAN AT IWASAN ANG MGA SUMUSUNOD NA PANGANIB KAPAG PUMAPASOK SA LUGAR**

- Mga napinsala o bumagsak na linya ng kuryente.
- Abo, uling, at mga kontaminadong labi.
- Mga hindi matatatag na istraktura.
- Mga matutulis na bagay-bagay tulad ng mga pako, konkreto, o mga labi ng kahoy.
- Ang mga panganib sa pagkadulas, pagkatapilok at pagkahulog tulad ng mga hindi matatatag na istraktura, mga bukas na hukay, o mga ibabaw na basa at madulas.
- Ang mga mapaapanganib na materyales sa sambahayan gaya ng mga produktong panlinis sa kusina at banyo, pintura, mga alkaline na baterya, mga lithium na baterya, pamatay-insekto, pamatay-damo, propane cylinder, lalagyan ng gas, sistemang taguan ng lithium na baterya, at mga sasakyang de-kuryente na bahagyang napinsala o nawasak.
- Ang mga lugar na masyadong masikip o hindi maayos ang daloy ng hangin kung saan maaaring mayroong carbon monoxide mula sa pagpapatakbo ng mga pump, generator, o mga pressure washer.

**ABO NG SUNOG**

Ang mga abo na nagmula sa mga sunog sa gubat ay maaaring napaka mapanganib sa kalusugan.

- Ang naglipanang abo ay maaaring nakaka-irita sa balat, ilong, at lalamunan, at maaaring maging sanhi ng pag-ubo at kahirapan sa paghinga.
- Huwag gagamit ng mga mga blower ng dahon o mga shop vacuum at iwasan ang matinding pagwawalis, na maaaring pagmulan ng isang mapanganib na ulap ng abo.

**KAPAG NILILISAN NA ANG LUGAR, GAWIN ANG MGA SUMUSUNOD**

- Alisin ang abo at mga labi mula sa balat, buhok, damit, at mga sapatos, gamit ang isang tela upang dahan-dahang bakatin at alisin ang mga nagkontamina.

**Para sa karagdagang impormasyon ukol sa mga epekto sa kalusugan ng usok mula sa wildfire, mangyaring bisitahin ang:** https://www.cdc.gov/wildfires/risk-factors/